Disyembre 11, 2024 Kautusang Tagapagpaganap 2024-03

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA ISULONG ANG PAGPAPAUNLAD NG PABAHAY PARA SA MGA PAMILYANG NAGTATRABAHO

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng bahay ay mahalaga sa kapakanan ng lahat ng mga komunidad, kabilang ang mga nasa urban, suburban, at rural na lugar ng Illinois; at,

SAPAGKAT, ang makabuluhang pagsulong ng Illinois sa pagpapaunlad ng imprastraktura, paglago ng negosyo, pagmamanupaktura, teknolohiya, at paglikha ng trabaho, kasama ang matatag na pagpaplano ng pagpapaunlad ng ekonomiya ng Estado, ay dapat na ipares sa isang komprehensibong estratehiya para matugunan ang mga nagreresultang pangangailangan sa pabahay; at,

SAPAGKAT, ang kakulangan ng maaabot na pabahay para sa mga nagtatrabahong Illinoisan ay humahadlang sa paglago ng trabaho sa pribadong sektor at ang planong palaguin ang middle-income na pabahay ay magiging asset sa mga bago at umiiral na mga employer na gustong lumawak at makaakit ng mahuhusay na manggagawa sa Estado; at,

SAPAGKAT, ang mga gastos sa pabahay ang isa sa mga pinakamahalagang komitment sa pananalapi para sa mga sambahayan, at ang pagmamay-ari ng bahay ang isa sa mga pinakamahalagang paraan para sa mga sambahayan na bumuo ng kayamanan; at,

SAPAGKAT, sa kabila ng di-mapantayang paglago ng ekonomiya ng Illinois, ang merkado ng pabahay ay hindi nag-aalok ng sapat na mga pagpipilian para sa mga nagtatrabahong pamilya, na inilalaan ng halos sangkatlo ng mga sambahayan ang higit sa 30% ng kanilang kita sa pabahay; at,

SAPAGKAT, ang mga luma na at hindi kinakailangang burukratikong proseso ay magastos at humahadlang sa paglikha ng de-kalidad na aksesibol na pabahay; at,

SAPAGKAT, ang mga landas sa abot-kayang paupahang pabahay at pagmamay-ari ng bahay para sa mga Illinoisian na may mababa at katamtamang kita ay nagtitiyak ng ackses sa mabuting mga sitwasyon sa pamumuhay sa kabuuan ng pabahay at paiigtingin nito ang mga pagsisikap ng Estado na pagaanin ang kawalang-tatag ng pabahay at kawalan ng tirahan; at,

SAPAGKAT, ang akses sa abot-kayang mga tahanan ay nagpapatatag sa ekonomiya sa pamamagitan ng pagbabawas ng pinansiyal na presyon sa mga residente, nagtataguyod ng masiglang komunidad, nagbibigay-daan sa mga bata na regular na pumasok sa paaralan, at nag-uudyok sa pag-unlad ng lokal na ekonomiya; at,

SAPAGKAT, ang pagpapalawak ng suplay at opsiyon ng pabahay para matugunan ang mga pangangailangan ng mga residente ng Illinois ay nangangailangan ng inobasyon at kolaborasyon ng mga lokal at pang-estadong ahensiya at mga organisasyon ng pribadong sektor; at,

SAPAGKAT, ang pagtatayo ng mas maraming tahanan ay magpapasigla sa industriya ng konstruksiyon, susuporta sa umiiral na merkado ng paggawa, magdadala ng mga bagong trabaho sa estado, at muling pasisiglahin ang hindi pa maunlad at/o natutulog na mga ari-arian; at,

SAPAGKAT, ang pag-leverage sa di-gaanong nagagamit na ari-arian ng Estado at mga rekurso ng Estado, ang pagbabawas ng hindi kinakailangang mga hadlang sa konstruksyon, ang pagpapasigla ng pamumuhunan para sa produksiyon ng pabahay, at ang pagbuo ng mga bagong partnership at mga programa sa teknikal na tulong ay mahalaga sa pagpapagaan ng krisis sa presyo ng pabahay; at,

SAPAGKAT, pinasimulan ng aking administrasyon ang isang Ad-Hoc Missing Middle Housing Solutions
Advisory Committee, na binubuo ng mga developer ng pabahay, mga halal na opisyal, mga lider sa pag-unlad ng ekonomiya at nonprofit, mga rehiyonal na employer, at mga eksperto sa pagpopondo, na bumuo ng matatag na set ng mga rekomendasyon sa pabahay;

KAYA, NGAYON, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, sa bisa ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Konstitusyon ng Estado ng Illinois ay ipinag-uutos ang sumusunod:

1. Itatalaga ang Illinois Director of Housing Solutions (Direktor) para mapadali ang pagpapatupad ng mga solusyon sa pabahay para madagdagan ang bilang ng mga tahanan para sa mga nagtatrabaho sa buong Estado, hal. mga sambahayang kumikita ng 80%-140% ng area median income.

2. Gagamitin ng Direktor ang matatag na imprastraktura at pamumuno ng Estado sa pagbabawas ng kawalan ng tirahan at sa paggawa ng abot-kayang pabahay para sa may mababang kita sa pamamagitan ng Illinois Office to Prevent and End Homelessness at ng Illinois Housing Development Authority (IHDA), ayon sa pagkakabanggit.

3. Susuriin ng Direktor ang Report ng Ad-Hoc Missing Middle Housing Solutions Advisory Committee at pupulungin ang mga miyembro ng Ad-Hoc Committee na ito, kung kinakailangan, parta matukoy kung aling mga estratehiya ang dapat isagawa at ang timeline para sa pagpapatupad.

4. Dapat hikayatin ng Direktor ang mga miyembro ng Illinois General Assembly at mga lokal na pinuno upang isaalang-alang ang anumang kinakailangang pagbabago sa mga batas o regulasyon para itaguyod ang pagpapaunlad ng pabahay ng mga manggagawa.

5. Ang IHDA at ang Illinois Department of Commerce and Economic Opportunity (DCEO) ang pangunahing magkatuwang na mga ahensiya, na makikipagtulungan sa Direktor para tugunan ang krisis sa abot-kayang pabahay para sa mga manggagawa sa Illinois at mas maiayon ang paglago ng ekonomiya sa pagpapaunlad ng pabahay. Sa pagsangguni sa IHDA at DCEO, trabaho ng Direktor na:
    a. Tukuyin kung paano makatutulong ang mga alternatibong pamamaraan ng pagtatayo ng pabahay, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, maliliit na bahay, modular na bahay, at manufactured na mga bahay na mapataas ang suplay ng pabahay.
    b. Bumuo ng pinalawak na pakikipagtulungan at suporta ng Estado sa umiiral na mga land bank sa Illinois o sa pagbuo ng bagong mga land bank.
    c. Balangkasin ang potensiyal na mga teknikal na tulong at mga rekursong tumutulong sa mga lokal na pamahalaan, mga organisasyon sa rehiyonal na pagpaplano, at mga organisasyon sa pagpapaunlad ng ekonomiya na pataasin ang suplay ng pabahay sa rehiyon at ihanay ang pabahay sa pag-unlad ng ekonomiya.

6. Tutukuyin ng Direktor, sa pakikipagtulungan sa mga sistema ng pensiyon ng Estado, kung paano matututukan ng mga programa sa pagpopondo ng pensiyon at mga patakaran sa pamumuhunan ang pagkamit ng mataas na kita sa pananalapi sa pamamagitan ng rehabilitasyon, pagrereposisyon, at pagpapaunlad ng mga proyekto sa residensiyal na real estate sa Illinois.

7. Ang bawat ahensiya ng Estado na nagmamay-ari ng real property ay maghahanda ng ulat na naglilista ng di-gaanong nagagamit na mga ari-arian na posibleng ma-leverage para sa pagpapaunlad ng pabahay, gamit ang metrics na tinutukoy ng Direktor, na isusumite sa Direktor sa Hunyo 30, 2025. Susuriin ng Direktor, sa konsultasyon sa mga ahensiya, ang ulat sa di-gaanong nagagamit na real property at mga estratehiya sa disenyo para sa kung paano makakatulong ang lupaing pag-aari ng Estado na matugunan ang kakulangan sa produksiyon sa rehiyon at posible para sa pagpapaunlad ng pabahay.

8. Regular na pupulungin ng Direktor ang interagency working group na kabibilangan ng IHDA, DCEO, Office of Management and Budget ng Gobernador, Illinois Department of Central Management Services, Illinois Environmental Protection Agency, Illinois Department of Revenue, Illinois Department of Transportation, Illinois Department of Natural Resources, at anumang karagdagang ahensiya kung kinakailangan.

9. Tutukuyin ng interagency working group na ito ang mga pangunahing burukratikong hadlang na nagdaragdag ng mga hindi kinakailangang gastos, pagkaantala, at kawalan ng katiyakan sa proseso ng pagpapaunlad ng pabahay, at bubuo ng mga estratehiya para pasimplehin ang mga patakaran, panuntunan, at proseso ng regulasyon nang hindi negatibong nakakaapekto sa mga probisyon sa kalusugan at kaligtasan. Magsusumite ang Direktor ng isang set ng mga rekomendasyon sa Opisina ng Gobernador bago Hunyo 30, 2025.

10. Regular na kokonsulta ang Direktor sa mga pangunahing stakeholder, lokal na lider, eksperto, at miyembro ng Ad-Hoc Missing Middle Housing Solutions Advisory Committee, kung kinakailangan.

11. Regular na makikipagpulong ang Direktor sa State Homelessness Chief para matiyak na ang mga aktibidad na nabuo mula sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay naaayon sa mga layunin ng Estado na bawasan ang bilang ng mga taong walang bahay sa Illinois.

12. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang ituturing na sumasalungat sa anumang pederal at pang-Estadong batas o regulasyon. Maliban kung partikular na binanggit sa Kautusang ito, walang anuman sa Kautusang ito ang makakaapekto o makapagbabago ng umiiral na staturoty na mga kapangyarihan ng anumang ahensiya ng Estado o ituturing na reassignment o reorganisasyon ng anumang ahensiya ng Estado.

13. Pangingibabawann ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ang anumang salungat na probisyon ng anumang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

14. Kung ang anumang bahagi ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay napatunayang hindi wasto ng isang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang mga natitirang probisyon ay mananatiling ipinapatupad at may bisa. Severable ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito.

15. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa agad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado at mananatiling may bisa hanggang sa ipawalang-bisa ito.

_____

JB Pritzker
Gobernador

Inilabas ng Gobernador Disyembre 11, 2024
Inihain sa Kalihim ng Estado Disyembre 11, 2024